

1

Lesson Exemplar for Grade 1 Reading and Literacy

Quarter 3

Week

1

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

Learning Activity Sheet for Reading and Literacy Grade 1

Quarter 3: Week 1

This material is intended exclusively for the use of teachers in the implementation of the MATATAG K to 10 Curriculum. It aims to assist in delivering the curriculum content, standards, and lesson competencies.

The Intellectual Property Code of the Philippines states that “No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.”

Borrowed materials (e.g., texts, illustrations, musical notations, photos, and other copyrightable, patentable contents) included in this learning resource are owned by their respective copyright and intellectual property right holders. Where applicable, DepEd has sought permission from these owners specifically for the development and printing of this learning resource. As such, using these materials in any form other than agreed framework requires another permission and/or licensing.

No part of this material, including its original and borrowed contents, may be reproduced in any form without written permission from the Department of Education.

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or send an email to blr.od@deped.gov.ph.

Published by the Department of Education

Secretary: Sonny M. Angara

Undersecretary: Gina O. Gonong

Development Team

Writer:	Daisy Jane Calado
Content Editor:	Briget V. Varron, Aisa Veronica Pintor
Illustrator:	Joselito Pilotos, Marco R. Abellon, Randy G. Mendoza
Layout Artist:	Rejoice Ann C. Mananquil

Management Team


Bureau of Curriculum Development, Bureau of Learning Delivery, Bureau of Learning Resources

MATATAG K to 10 Curriculum Weekly Lesson Log	School		Grade Level	1
	Name of Teacher		Learning Area	Reading and Literacy
	Teaching Dates and Time		Quarter	3

	DAY 1	DAY 2	DAY 3	DAY 4
I. CURRICULUM CONTENT, STANDARDS, AND LESSON COMPETENCIES				
<i>A. Content Standards</i>	The learners demonstrate ongoing development in decoding high frequency words and content-specific vocabulary; understand and create simple sentences in getting and expressing meaning about one's community and content-specific topics (narrative and informational).			
<i>B. Performance Standards</i>	The learners use their ongoing development in automatically recognizing sight words; decode high frequency words and content-specific vocabulary and use them to express ideas; read sentences and narrate personal experience with one's community and content-specific topics.			
<i>C. Learning Competencies</i>	RL1PWS-III-3 Isolate sounds (consonants and vowels) in a word (beginning and/or ending). RL1PWS-III-4 Substitute individual sounds in simple words to make new words. RL1PWS-III-5. Sound out words accurately. RL1VWK-III-1 Use vocabulary referring to self, family, school, community , and environment. RL1VWK-III-2 I Identify words with different functions (naming and describing words). a. words that label persons, places, things, animals, actions, situations, ideas, and emotions RL1VWK-III-3 Read high-frequency words accurately for meaning. RL1CAT-III-2 Comprehend stories.	RL1PWS-III-5 Sound out words accurately. RL1VWK-III-1 Use vocabulary referring to self, family, school, community , and environment. RL1VWK-III-3 Read high-frequency words accurately for meaning. RL1CAT-III-2 Comprehend stories. b. Sequence events in stories. c. Infer the character's feelings and traits. d. Predict possible ending. e. Relate story events to one's experience. RL1CCT-III-2 Use own words in retelling myths, legends, fables, and narrative poems.	RL1PWS-III-3 Isolate sounds (consonants and vowels) in a word (beginning and/or ending). RL1PWS-III-4 Substitute individual sounds in simple words to make new words. RL1PWS-III-5 Sound out words accurately. RL1VWK-III-1 Use vocabulary referring to self, family, school, community, and environment. RL1VWK-III-2 Identify words with different functions (naming and describing words). b. words that describe persons , places, things, animals, actions, situations, ideas, and emotions RL1VWK-III-3 Read high-frequency words accurately for meaning.	RL1PWS-III-5 Sound out words accurately. RL1VWK-III-1 Use vocabulary referring to self, family, school, community, and environment. RL1VWK-III-3 Read high-frequency words accurately for meaning. c. Infer the character's feelings and traits. d. Predict possible ending. e. Relate story events to one's experience. RL1CCT-III-1 Narrate one's personal experiences. c. community RL1CCT-III-3 Express ideas about: c. community RL1CCT-III-4 Respond creatively to texts (myths, legends, fables, and narrative poems).

	<p>a. Note important details in stories (character, setting, and events).</p> <p>RL1CAT-III-1 Read sentences with appropriate speed, accuracy, and expression.</p>		<p>RL1CAT-III-2 Comprehend stories. a. Note important details in stories (character, setting, and events). b. Sequence events in stories. RL1CAT-III-1 Read sentences with appropriate speed, accuracy, and expression.</p>	
<i>D. Learning Objectives</i>	<p>At the end of the lesson, the learners can:</p> <p>a. articulate consonants and vowels sounds in reading words.</p> <p>b. identify words that function as naming words in the text.</p> <p>c. recognize vocabulary referring to community</p> <p>d. note important details of the characters in the story.</p>	<p>At the end of the lesson, the learners can:</p> <p>a. sound out words accurately</p> <p>b. recognize vocabulary referring to community</p> <p>c. read high frequency words</p> <p>d. infer character feelings</p> <p>e. retell stories heard</p>	<p>At the end of the lesson, the learners can:</p> <p>a. substitute individual sounds in simple words to make new words.</p> <p>b. read high frequency words about community.</p> <p>c. read fluently</p>	<p>At the end of the lesson, the learners can:</p> <p>a. use vocabulary words referring to community</p> <p>b. infer character's feelings and traits</p> <p>c. express ideas about community</p>
II. CONTENT				
III. LEARNING RESOURCES				
<i>A. References</i>	<p>Banerji, R. Didi's Colorful Treasure Didi's Colorful Treasure Calado, D. (2024) Ang Makulay na Mundo ni Didi (translation for storyweaver.org)</p>	<p>Banerji, R. Didi's Colorful Treasure Didi's Colorful Treasure Calado, D. (2024) Ang Makulay na Mundo ni Didi (translation for storyweaver.org)</p>	<p>Selepe, M. Billy to the Rescue Billy to the Rescue Calado, D. (2024) Si Billy, ang Magiting na Trak ng Bumbero (translation for storyweaver.org)</p>	<p>Selepe, M. Billy to the Rescue Billy to the Rescue Calado, D. (2024) Si Billy, ang Magiting na Trak ng Bumbero (translation for storyweaver.org)</p>
<i>B. Other Learning Resources</i>	tsart, pangkulay, lapis, mga larawan	tsart, pangkulay, lapis, mga larawan	tsart, pangkulay, lapis, mga larawan	tsart, pangkulay, lapis, mga larawan
<i>C. Anchorage</i>	Pagiging magalang at pagpapakita ng respeto			


IV. TEACHING AND LEARNING PROCEDURES				
Before/Pre-Lesson Proper				
Activating Prior Knowledge	Engage the learners with the concept of the text which is about to be read. Say: <i>Nakarinig ka na ba ng kwentong tungkol sa komunidad? Tungkol saan ito?</i> Ano ang ginagawa mo upang matandaan mo ang mga detalye ng kwentong iyong binabasa? Sa pagbabasa o pakikinig ng kwento, mahalaga na tandaan ang mga detalye tulad ng mga tauhan, tagpuan, problema, solusyon at katapusan.	Engage the learners with the concept of the text which is about to be read. Say: <i>Balikan natin ang kwento ni Didi. Ano ang mga pangyayari na natandaan mo sa kuwento?</i> Ano-ano ang naging damdamin ng tauhan o mga tauhan sa mga naibigay na pangyayari? Sa pagbabasa ng kuwento, nakakabasa tayo ng mga pangyayari. Ang mga pangyayaring ito ay nagpapakita ng damdamin ng mga tauhan. Mayroong masasaya at malulungkot na pangyayari na nangyayari sa tauhan na nagbibigay sa kaniya ng iba't ibang emosyon.	<i>Engage the learners with the concept of the text which is about to be read.</i> Say: <i>Nakakita ka na ba ng trak ng bumbero? Paano mo ito ilalarawan?</i> Bakit mahalaga na alam ng mga tao sa pamayanan kung saan tatawag kung may mga sakuna? Sa pagbasa ng kuwento sa araw na ito, tingnan ninyo kung ano ang gagawin ng mga tao sa pamayanan.	Engage the learners with the concept of the text which is about to be read. Say: <i>Ano ang nararamdaman mo kapag nakikita mo ang mga katulong sa pamayanan?</i> Paano ka nakakatulong sa mga katulong sa pamayanan upang mas makatulong sa lahat ng kasapi ng pamayanan? Ang bawat kasapi ng pamayanan ay may papel na ginagampanan sa ikakaunlad nito.
	Lesson Purpose/Intention Set the targets for the day's lesson. Say: Sa nakaraang markahan ay natutunan ninyo ang mga salitang tungkol sa <i>paaralan</i> Sa mga aralin natin sa markahan na ito ay matututo	Set the targets for the day's lesson. Say: Sa nakaraang aralin ay natukoy ninyo ang mga katangian ng tauhan. Babalikan natin ang kuwento at ang mga damdamin ni Didi	Set targets for the day's lesson. Say: Sa araw na ito ay tutukuyin ninyo ang mga mahahalagang detalye ng kuwento. Ilalarawan natin ang mga tauhan sa kuwento.	Set targets for the day's lesson. Say: Sa araw na ito ay tutukuyin ninyo ang mga mahahalagang detalye ng kuwento. Tutukuyin din ninyo ang saloobin ng tauhan sa kanyang mga gawi at kilos.

	<p>kayo ng mga salita na tungkol sa pamayanan. Tutukuyin natin ang panimulang tunog at katapusang tunog ng mga salita.</p> <p>Tutukuyin din ninyo ang mahahalagang pangyayari sa kuwento lalo na ang mga tauhan at kanilang mga katangian.</p> <p>Babalikan din natin ang mga salita na tumutukoy sa ngalan ng tao, hayop, bagay, lugar at pangyayari.</p>	<p>sa iba't iang bahagi ng kuwento.</p> <p>Isa-isahin din natin ang mga bahagi ng pamayanan na naipakilala sa kuwento.</p>	<p>Magbabasa kayo ng mga salita na may kaugnayan sa pamayanan.</p> <p>Gagamit kayo ng mga salitang naglalarawan upang ilarawan ang mga tauhan at mga pangyayari sa kuwento.</p>	<p>Mag-uugnay din kayo ng mga salita na may kaugnayan sa pamayanan.</p> <p>Magbabahagi din kayo ng mga karanasan tungkol sa mga pangyayari at karanasan ninyo sa inyong pamayanan</p>
<p><i>Lesson Language Practice</i></p>	<p><i>Present important words from the story.</i></p> <p>Say: Narito ang mga salita na mababasa ninyo sa libro.</p> <p>Parke</p> 	<p><i>Present important words from previously read story.</i></p> <p>Say: Narito ang mga salita na nabasa ninyo sa libro na ating binasa noong nakaraang araw.</p> <p>parke basura balabal pamayanan aklat</p> <p>Balikan nga ninyo ang panimulang tunog ng mga salitang ito. Sabihin din ninyo ang panghuling tunog ng mga salitang ito.</p>	<p><i>Present important words from the story.</i></p> <p>Say: Narito ang mga salita na mababasa ninyo sa kuwento natin ngayong araw.</p> <p>bumbero trak ng bumbero sunog pamayanan sakuna</p> <p>Alin sa mga ito ang alam na ninyo ang kahulugan?</p> <p>Narito ang mga pangungusap na makakatulong sa inyo na matukoy ang ating mga salita sa talasalitaan.</p>	<p><i>Present important words from previously read story.</i></p> <p>Say: Narito ang mga salita nabasa ninyo sa kuwento natin ngayong araw.</p> <p>bumbero trak ng bumbero sunog pamayanan sakuna</p> <p>Sa naunang pagkakataon ay nalaman ninyo ang kahulugan ng mga salitang ito. Ngayon ay subukan ninyong mag-uugnay ng mga salita sa mga salitang ito.</p> <p>Halimbawa:</p>


Basura



Balabal



Pamayanan



Ngayon ay punan natin ang mga pangungusap ng angkop sa mga salita.

1. Ang mga _____ ay nasa silid-aklatan.
2. Ang mga _____ ay dapat itapon sa tamang basurahan.
3. Maraming tao ang naninirahan sa _____.
4. Ang _____ ay puno ng puno.
5. Nagsuot ang babae ng _____ dahil malamig.

1. Inapula ng mga bumbero ang sunog sa opisina ng punong-bayan.
2. Ang trak ng bumbero ay puno ng tubig.
3. Nagsimula ang sunog sa gitna ng gubat.
4. Ang aming pamayanan ay binubuo ng napakaraming kabahayan.
5. Ang sakuna gaya ng baha at lindol ay nakakapinsala ng mga bahay at gusali.

Bumbero




trak ng bumbero



bumbero- alerto/ mabilis
Subukan natin ang iba pang salita.

aklat



Ang mga salitang ito ay mga pangalan.
Alin sa mga salitang ito ang pangalan ng lugar? bagay? pangyayari?

Mayroon ba ditong pangalan ng tao at hayop?


Basahin nating muli ang mga salita? Ano ang panimulang tunog ng mga ito?
Ano ang huling tunog ng bawat salita?

Tingnan ninyo ang mga **larawan** at tukuyin ninyo kung alin sa mga salita ang pangalan ng bawat larawan.

Sunog




Pamayanan




sakuna)



Ang **parke** ay isang lugar na mapuno at maaaring pasyalan ng mga tao.




Ang **balabal** ay inilalagay ng tao sa kanyang leeg kung malamig.




Ano kaya ang kahulugan ng mga salitang ito?

Ang **pamayanan** ay kinabibilangan ng mga pamilya at tahanan.



Ang **aklat** ay ang mga babasahin na ating binabasa.



Ang mga **basura** ay ang mga pinagbalatan ng mga kinakain natin na maaaring nabubulok

	<p>o di nabubulok.</p> 			
	<p><i>Get the learners ready for story reading.</i></p> <p>Sa ating pagbasa ng kwento ay maging handa tayo sa pamamagitan ng pagbubukas ng isip sa pangyayari at ang kaugnayan ng mga ito sa isa't isa. Kilalanin ang tauhan, tukuyin ang kanyang mga katangian. Tandaan ang kanya o kanilang naging suliranin at ang naging solusyon sa suliranin na ito. Tukuyin din ang katapusan ng kuwento.</p> <p><i>(Pagbasa ng kuwento)</i> Mga tanong habang nagabasa:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Sino si Didi? 2. Paano siya nakilala ng mga bata? 	<p><i>Reread the story in Day 1. This time the focus is on the feelings of the characters in the story in different situations.</i></p> <p>Say: Sa aking muling pagbasa, tukuyin ninyo ang mahahalagang pangyayari sa kuwento. Itala ninyo ang naging damdamin ng mga tauhan sa mga pangyayaring naitala.</p> <p>Mga Sitwasyon:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Hindi pa nakikilala ni Didi ang mga bata. 2. Nakita ni Didi ang mga bata. 3. Naging kaibigan ni Didi ang mga bata. 4. Nagkasakit si Didi. 	<p>Get the learners ready for story reading.</p> <p>Sa ating pagbasa ng kwento ay maging handa tayo sa pamamagitan ng pagbubukas ng isip sa pangyayari at ang kaugnayan ng mga ito sa isa't isa. Kilalanin ang tauhan, tukuyin ang kanyang mga katangian. Tandaan ang kanya o kanilang naging suliranin at ang naging solusyon sa suliranin na ito. Tukuyin din ang katapusan ng kuwento.</p> <p>Pagbasa ng kuwento</p> <p>Mga tanong habang nagabasa:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? 2. Ano ang naging suliranin ng tauhan? 	<p>Reread the story on Day 1. This time the focus is on inferring the feelings of the characters in the story in different situations.</p> <p>Say: Sa ating muling pagbasa ay bantayan ninyo ang damdamin ng ating pangunahing tauhan at ng mga taong nakapaligid sa kanya.</p> <p>Pagbasa ng Kuwento</p> <p>Ano ang mensahe na gustong iparating sa atin ng manunulat sa kwentong ito?</p>

	<p>3. Ano ang palaging ginagawa ni Didi kasama ng mga bata?</p> <p>4. Bakit nawala si Didi?</p> <p>5. Paano nagtapos ang kuwento?</p> <p>Ngayon na natapos na ang kuwento, ilarawan natin si Didi. Ano-anong mga salita ang makakapaglarawan sa kanya?</p> <p>Inaasahang sagot:</p> <p>Si Didi ay mabait at matiyaga sa mga bata.</p> <p>Mahal siya ng mga bata sapagkat mayroon siyang malasakit sa kanila.</p>	<p>5. Nalaman ng mga bata kung saan nakatira si Didi.</p>	<p>3. Sino ang tumulong upang masolusyunan ang problemang ito?</p> <p>4. Paano nagwakas ang kuwento?</p> <p>5. Ano ang naramdaman ng mga tauhan sa katapusan?</p>							
<p>Developing Understanding of the Key Idea/Stem</p>	<p>Introduce the target learning competencies using the context of the story.</p> <p>Sa kuwento ay nabanggit na nakikita ni Didi ang mga bata sa parke ng pamayanan.</p> <p>Paano inilarawan ang pamayanan?</p> <p>Kung ikukumpara si Didi sa isang katulong sa pamayanan, ano kaya ang hanapbuhay niya?</p> <p>Narito ang mga pangungusap sa kuwento.</p>	<p>Provide more drills to practice target skill.</p> <p>Balikan muli ang kuwento, Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang pinakamahahalagang pangyayari sa kuwento.</p> <p>Ipapalala sa mga mag-aaral na sa pagbalik sa kuwento ay kailangang maipakilala muli ang tauhan, tagpuan, suliranin, solusyon at katapusan ng kuwento.</p> <p>Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi sa klase.</p>	<p>Introduce the target learning competencies using the context of the story.</p> <p>Balikan natin ang kuwento.</p> <p>Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?</p> <p>Paano mo ilalarawan ang mga tauhan sa kwento?</p> <p>Narito ang ilan sa mga salita na magagamit sa paglalarawan ng tao.</p> <table><tr><td>mabait</td><td>Masu nurin</td><td>Mada salin</td></tr><tr><td>masayahin</td><td>Maalala hanin</td><td>Tahimik</td></tr></table>	mabait	Masu nurin	Mada salin	masayahin	Maalala hanin	Tahimik	<p>Introduce the target learning competencies using the context of the story.</p> <p>Balikan muli ang kuwento, Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang pinakamahahalagang pangyayari sa kuwento.</p> <p>Ipapalala sa mga mag-aaral na sa pagbalik sa kuwento ay kailangang maipakilala muli ang tauhan, tagpuan, suliranin, solusyon at katapusan ng kuwento.</p>
mabait	Masu nurin	Mada salin								
masayahin	Maalala hanin	Tahimik								

	<p>Kapag walang pasok ay pumupunta ang mga bata sa parke.</p> <p>Ang parke ay makikita sa malaking lungsod.</p> <p>Madaming dalang aklat si Didi.</p> <p>Nakita ng mga bata ang balabal ni Didi.</p> <p>Nilinis ng mga bata ang mga basura.</p> <p>Ang mga salitang initiman ay mga pangalan. Alin sa mga ito ang pangalan ng tao? lugar? bagay? pangyayari? hayop?</p>		<table><tr><td>mapagpa kumbaba</td><td>mapagm alaki</td><td>mag ulo</td></tr></table> <p>Anong katangian ng pangunahing tauhan ang dapat tuluran?</p> <p>Anong katangian ng pangunahing tauhan ang hindi dapat tularan?</p> <p>Balikan natin ang talaan ng mga salitang naglalarawan sa isang tao.</p> <p>Ang mga salitang naglalarawan ay ginagamit upang bigyan ng katangian ang mga tao, bagay, lugar, hayop at pangyayari.</p>	mapagpa kumbaba	mapagm alaki	mag ulo	<p>Ngayon ay tingnan natin ang mga larawan na ito sa kuwento.</p> <div></div> <p>Ano ang nagyayari sa larawan? Ano kaya ang nararamdaman ng bumbero sa pagkakataon na ito?</p> <div></div> <p>Ano ang nagyayari sa larawan? Ano kaya ang nararamdaman ni Billy sa pagkakataon na ito?</p>
mapagpa kumbaba	mapagm alaki	mag ulo					

				 <p>Ano ang nagyayari sa larawan? Ano kaya ang nararamdaman ng mga hayop sa pagkakataon na ito?</p> <p>Ang iba't ibang sitwasyon ay nagbibigay sa atin ng iba't ibang damdamin.</p>
<p><i>Deepening Understanding of the Key Idea/Stem</i></p>	<p><i>Connect the story with the target skills.</i></p> <p>Say: Maraming dalang aklat si Didi. Ang ilan sa mga ito ay mayroong mga sumusunod na pamagat.</p> <p>Mga Pamagat</p> <p>Ang mga Ibon Ang Kaarawan ni Ana Ang Dagat Asul Ang Mahiwagang Baul</p>	<p>Provide more drills to master the target skills.</p> <p>Say: Balikan natin ang ilan sa mga kuwento na natalakay natin sa klase. Itala natin ang: Tauhan Tagpuan Problema Solusyon Wakas</p> <p>Mula sa mga pangyayaring ito, ano-ano ang naging damdamin ng tauhan?</p>	<p>Connect the story with the target skills.</p> <p>Say: Balikan natin ang bawat pahina ng ating libro.</p> <p>Sa bawat pagbuklat ko ng pahina ay pumili kayo ng isang tao. Magbigay kayo ng isang naglalarawan para sa taong ito.</p> <p>Halimbawa: bumbero</p>	<p>Provide more drills to master the target skills.</p> <p>Say: Narito ang ilang mga sitwasyon na maaaring mangyari sa pamayanan.</p> <p>1. Hindi nakuha ang basura.</p> <p>Ano ang posibleng maramdaman ng mga tao sa pamayanan? Bakit?</p>

	<p>Ano-ano ang mga pangalan sa mga pamagat na ito?</p> <p>Punan natin ang tsart.</p> <table><tr><td>Tao</td><td></td></tr><tr><td>Bagay</td><td></td></tr><tr><td>Hayop</td><td></td></tr><tr><td>Lugar</td><td></td></tr><tr><td>Pangyayari</td><td></td></tr></table> <p>Gaya ng mga pamagat sa mga aklat ni Didi, maraming lugar na makikita sa pamayanan.</p> <p>Ano-ano ang mga ito? Sino ang makikita sa mga lugar na ito? Anong mga bagay ang makikita sa mga lugar na ito? Ano ang mga pagdiriwang na nagaganap sa mga lugar na ito?</p> <table><tr><td>Tao</td><td></td></tr><tr><td>Bagay</td><td></td></tr><tr><td>Hayop</td><td></td></tr><tr><td>Lugar</td><td></td></tr><tr><td>Pangyayari</td><td></td></tr></table>	Tao		Bagay		Hayop		Lugar		Pangyayari		Tao		Bagay		Hayop		Lugar		Pangyayari		<p>Narito ang talaan ng isa pang damdamin na maaaring maramdaman ng mga tauhan sa kuwento.</p> <p>Nagagalak Nasasabik Nag-aalala Nanghihinayang Nanghihilakbot</p> <p>Ang nagagalak ay nakakadama ng labis na tuwa. Ang nasasabik ay umaasa sa isang Magandang pangyayari. Ang nag-aalala ay nakakadama ng takot at lungkot. Ang nanghihinayang ay nalulungkot sa hindi pagkatupad ng isang bagay. Ang nanghihilakbot ay nakakadama ng labis na takot.</p> <p>Ano-ano ang mga kuwento na nagpaparamdam ng ganitong damdamin sa mga tauhan.</p> <p>Sino ang gustong magbahagi?</p>	<p>Itatala ko sa pisara ang mga salitang naglalarawan na nasabi ninyo.</p> <p>Basahin ninyo ang mga salita.</p>	<p>2. Nagkakaisa ang mga tao sa pamayanan.</p> <p>Ano ang posibleng maramdaman ng mga tao sa pamayanan? Bakit?</p> <p>3. Lahat ng tao sa pamayanan ay tumutupad sa kanyang tungkulin.</p> <p>Ano ang posibleng maramdaman ng mga tao sa pamayanan? Bakit?</p> <p>Ang mga nangyayari sa atin ay nakapagbibigay sa atin ng iba't ibang damdamin. Maaaring magbago ang ating damdamin sa parehong karanasan sa ikalawang pagkakataon sapagkat alam na natin ang inaasahan sa sitwasyon na ito.</p>
Tao																								
Bagay																								
Hayop																								
Lugar																								
Pangyayari																								
Tao																								
Bagay																								
Hayop																								
Lugar																								
Pangyayari																								
<p>Making Generalizations and Abstractions</p>	<p>Make a synthesis of the skills learned in this lesson.</p> <p>Magpakita ng mga salita na magsasabi ng pangalan ng tao, bagay, lugar, pangyayari</p>	<p>Make a synthesis of the skills learned in this lesson.</p> <p>Say: Ipakita ko sa inyo muli ang talaan ng mga damdamin. Magbigay kayo ng halimbawa</p>	<p>Make a synthesis of the skills learned in this lesson.</p> <p>Say: Sa ating kuwento, nagkaroon ng mga sitwasyon. Sa bawat sitwasyon ay nagkaroon ng</p>	<p>Make a synthesis of the skills learned in this lesson.</p> <p>Bumuo ng isang puzzle ng pamayanan sa pisara.</p>																				

	<p>at hayop na makikita sa paaralan.</p> <p><i>Itatala ng mga bata ang mga salitang ibibigay ng guro sa talaan.</i></p> <p>Magtatanong ang guro kung ano ang mga salitang nailagay sa tsart.</p> <p>Inaasahang sagot: mga pangalan</p> <p>Sa ating mga binabasang kuwento ay karaniwang may tauhan at pinangyarihan ng kuwento. Ang mga ito ay may mga pangalan at katangian.</p>	<p>para sa bawat damdamin na nakatala.</p> <p>Malungkot</p> <p>Masaya</p> <p>Nagagalak</p> <p>Natatakot</p> <p>Naiinis</p>	<p>damdamin ang mga tao at ang ating pangunahing tauhan.</p> <p>Paano natin ilalarawan ang mga sitwasyon na ito?</p> <p>Mayroong mga salita na naglalarawan ng mga sitwasyon at damdamin.</p>	<p>Magbahagi ng mga pangyayari na nararanasan ng mga tao sa isang pamayanan.</p> <p>Magbahagi ng mga posibleng maging damdamin sa mga sitwasyon na naibahagi.</p>																																
<p>Evaluating Learning</p>	<p>Balikan ang kwentong binasa. Magtala ng limang pangngalan mula sa kwento na hindi pa nailagay sa mga naunang gawain.</p> <table><tr><td>tao</td><td>bagay</td><td>lugar</td><td>hayop</td></tr><tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table> <p>*see LAS</p>	tao	bagay	lugar	hayop									<p>Pumili ka ng isang kuwento na gustong-gusto mo at punan ang mga patlang sa tsart.</p> <table><tr><td>Pa ma gat</td><td colspan="4"></td></tr><tr><td>Tau han</td><td>Tag pua n</td><td>Pro ble ma</td><td>Sol usy on</td><td>W ak as</td></tr><tr><td colspan="5">Damdamin ng Tauhan sa Bawat Bahagi ng Kuwento na Naitala</td></tr><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table> <p>*see LAS</p>	Pa ma gat					Tau han	Tag pua n	Pro ble ma	Sol usy on	W ak as	Damdamin ng Tauhan sa Bawat Bahagi ng Kuwento na Naitala										<p>Basahin ang mga pangungusap tungkol sa binasang kuwento. Bilugan ang mga salitang naglalarawan sa bawat pangungusap.</p> <p>1. Malinis at maganda ang katawan ni Billy.</p> <p>2. Matapang ang mga bumbero na tumulong kay Billy.</p> <p>3. Takot ang mga tao sa nakitang apoy.</p> <p>4. Malaki ang apoy na pinuksa ni Billy at ng mga bumbero.</p> <p>5. Masaya ang mga tao sa nagawa ni Billy.</p>	<p>Basahin ang mga pangungusap at ilagay ang TAMA sa mga pangungusap na wasto ang udeya na ipinapahayag at MALI sa hindi.</p> <p>_____ 1. Ang pamayanan ay binubuo ng mga tao na naninirahan dito.</p> <p>_____ 2. Ang pagkakaisa ng mga mamamayan ay makakatulong sa pag-unlad.</p> <p>_____ 3. Ang mga bata ay walang tungkulin sa pamayanan.</p>
tao	bagay	lugar	hayop																																	
Pa ma gat																																				
Tau han	Tag pua n	Pro ble ma	Sol usy on	W ak as																																
Damdamin ng Tauhan sa Bawat Bahagi ng Kuwento na Naitala																																				

				<div>_____ 4. Ang tagumpay ng pamayanan ay makakatulong sap ag-unlad ng bansa.</div> <div>_____ 5. Ang mahuhusay na pinuno ng pamayanan ay makakatulong sap ag-unlad nito.</div>												
<div>Additional Activities for Application or Remediation (if applicable)</div>	<div>Hatiin ang klase sa grupo. Bawat grupo ay bubunot ng lugar sa pamayanan o komunidad. Magtatala sila ng mga bagay, lugar, pangyayari, hayop at tao sa napiling lugar.</div> <table><tr><td>tao</td><td>bagay</td><td>lugar</td><td>hayop</td></tr><tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>	tao	bagay	lugar	hayop									<div>Hahatiin ang klase sa mga grupo. Manunuod ang grupo ng isang animated video tungkol sa komunidad na walang salita o sulat. Tutukuyin ng bawat grupo ang mga bahagi ng kuwento at kanilang damdamin sa mga natukoy na bahagi. Magiging handa ang bawat grupo na magbahagi sa klase.</div>	<div>Hahatiin ang klase sa mga grupo. Pipili ang grupo ng isang kuwento at mula sa kuwentong ito ay kukuha ng isang pahina kung saan magtatala sila ng isang tauhan. Sumulat ng isang salitang naglalarawan para sa mga napiling tauhan.</div>	<div>Hahatiin ang klase sa mga grupo. Bawat grupo ay mag-uusap at magtatala ng mga bagay na nangyayari sa kanilang pamayanan na nagbibigay sa kanila ng kaligayahan o nagpapasaya sa kanila.</div> <div>Maging handa na mag-ulat sa klase.</div>
tao	bagay	lugar	hayop													
Remarks																
Reflection																

Prepared by:

Subject Teacher

Reviewed by:

Master Teacher/Head Teacher

Approved by:

School Head